Madalas na Katanungan sa Mga May-ari ng Alagang Hayop

Sakit na Coronavirus (COVID-19)

Kamakailang mga Pagbabago:
11/06/20: Idinagdag ang mga pagbabago tungkol sa paghahatid (transmission)

1. Ano ang isang coronavirus?

May maraming uri ng mga coronavirus na nagdudulot ng sakit sa mga tao at mga hayop. Lahat ng mga virus na ito ay iba-iba at malayo ang kaugnayan sa isa't isa. Sa mga tao, ang ilang mga coronavirus ay nagdudulot ng banayad na sakit sa itaas na panghinga tulad ng karaniwang sipon, habang ang iba ay maaari magdulot ng mas malubhang sakit tulad ng SARS o MERS. Sa mga hayop, may mga coronavirus na maaaring magdulot ng iba't ibang mga sintomas sa mga alagang hayop kabilang ang karamdaman sa palahingahan o pagtatae, depende sa uri ng hayop at ang eksaktong uri ng coronavirus. Sa kasalukuyan, ang mga coronavirus na nagdudulot ng sakit sa mga alagang hayop ay hindi kilala na nakakahawa sa mga tao.

2. Ano ang COVID-19?

Ang ilang mga coronavirus na mula sa mga hayop ay maaaring mag-evolve (magbago) na maging isang bagong pantaong coronavirus na maaaring kumalat mula sa tao sa tao. Ito ang nangyari sa bagong coronavirus na kilala bilang SARS-CoV-2 na nagdudulot ng sakit na kilala bilang COVID-19 sa mga tao.

3. Paano kumakalat ang COVID-19 sa pagitan ng mga tao?

Tulad ng iba pang mga sakit sa palahingahan, ang mga pantao na coronavirus ay pinaka-karaniwang kumakalat sa ibang mga tao mula sa isang nahawaang tao sa pamamagitan ng:

- Mga maliliit na patak na nalikha sa pamamagitan ng pag-ubo, pagbahing o pagsasalita
- Malapitang personal na pakikisalamuha, tulad ng pag-aalaga sa isang nahawaang tao
- Maaari ring kumalat ang COVID-19 sa paghawak ng ibabaw o bagay na may virus at pagkatapos ay hahawakan ang bibig, ilong, o mga mata ngunit hindi ito ang iniisip na pangunahing paraan na kumakalat ang virus. Ang ilang mga tao ay nakakakuha ng COVID-19 nang hindi kailanman nagpapakita ng mga sintomas ngunit maaari pa rin nilang maikalat ang impeksyon sa ibang mga tao.

4. Maaari bang magkasakit ang mga alagang hayop ng COVID-19 at maikalat ito?

Sa ngayon sa U.S. may kaunting mga ulat tungkol sa mga hayop na nagpositibo para sa COVID-19, karamihan pagkatapos ng malapitang pakikisalamuha sa mga taong may COVID-19. Tila lumalabas na naikakalat ang virus mula tao papunta sa hayop sa ilang mga sitwasyon. Gayunpaman, wala pang mga ulat ng mga tao o mga may-ari ng alagang hayop na nahawaan ng COVID-19 mula sa kanilang mga alagang hayop. Sa oras na ito, walang ebidensiya na ang mga hayop, kabilang ang mga aso at pusa, ay maaaring magpakalat ng COVID-19 sa mga tao.

5. Mayroon akong alagang hayop. Ano ang dapat kong gawin?

Kahit na ang panganib ng impeksyon sa COVID-19 sa mga alagang hayop ay mababa, may iba pang mga sakit na maaaring magdulot ng sakit sa mga hayop at kumalat mula sa mga hayop patungo sa tao. Dahil dito, ang paghuhugas ng mga kamay pagkatapos na makisalamuha sa mga hayop ay palaging isang magandang ideya. Isama ang mga alagang hayop sa pagpaplano ng pagiging handa ng iyong pamilya.

Mga Mahahalagang Mensahe:

Walang ebidensiya na ang mga alagang hayop ay maaaring magpakalat ng COVID-19.

Ang mga alagang hayop ay maaaring magpakalat ng iba pang mga karamdaman sa mga tao, kaya hugasan ang iyong mga kamay pagkatapos na humawak sa mga alagang hayop.

Ang mahusay na kalinisan at pangangalaga ng beterinaryo ay palaging nakakatulong sa pagpapanatiling malusog sa mga alagang hayop at ang mga tao.

Saan maaaring pumunta ang publiko para sa karagdagang impormasyon?

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County I-dial ang 2-1-1
Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California
916-558-1784
Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit
800-CDC-INFO
800-232-4636

Sakit na Coronavirus (COVID-19)

6. Ako ay may sakit na COVID-19 at mayroon akong mga alaga o iba pang mga hayop. Ano ang dapat kong gawin?

Dapat mong limitahan ang pakikisalamuha sa mga alaga at iba pang mga hayop habang ikaw ay may sakit na COVID-19, tulad ng dapat mong gawin sa paligid ng ibang mga tao. Kung maaari, ipaalaga sa iba pang miyembro ng iyong sambahayan ang iyong mga alaga habang ikaw ay may sakit. Kung ikaw ay may sakit, iwasan ang pakikisalamuha sa iyong alagang hayop, kasama na ang paghimas, pagyakap, pagpapahalik o pagpapadila, at pagbabahagi ng pagkain. Kung dapat ikaw talaga ang mag-alaga sa iyong alagang hayop o maging sa paligid ng mga hayop habang ikaw ay may sakit, hugasan ang iyong mga kamay bago at pagkatapos makisalamuha sa mga alagang hayop at magsuot ng isang maskara sa mukha o pantakip sa mukha. Ganundin, mangyaring ipaalam sa iyong punto ng kontak sa pampublikong kalusugan na ikaw ay may mga hayop sa iyong tahanan.

7. Maaari ko bang ilakad ang aking aso kung ako ay nasa ilalim ng pagka-quarantine o pagbubukod?

Hindi. Kung iyong nararamdaman na ikaw ay may sakit at inilagay sa ilalim ng pagbubukod para sa posible o nakumpirma na COVID-19, o ikaw ay inilagay sa ilalim ng 14-araw na pagbubukod matapos ang pagkakalantad sa COVID-19, hindi ka maaaring umalis sa iyong tahanan sa oras na iyon. Ipalakad sa isang miyembro ng pamilya ang iyong aso sa oras na iyon. Bilang kahalili, hilingin o bayaran ang ibang tao upang ilakad ang iyong aso. Kapag ang tao ay dumating upang dalhin ang iyong aso para ilakad, kayong dalawa ay dapat magsuot ng mga pantakip sa mukha at sikapin na manatiling anim (6) na talampakan o higit pa ang layo. Hugasan ang iyong mga kamay bago at pagkatapos ng proseso ng paglilipat ng aso sa pagitan ng mga tao. Isaalang-alang ang paggamit ng taga lakad ng aso (dog walker) na gumamit ng kanyang sariling tali.

8. Kailangan kong dalhin ang aking alaga sa beterinaryo. Paano ko mapapanatili ang panlipunang pagdistansya?

Maaaring binago ng iyong beterinaryo ang kanilang mga operasyon upang matiyak ang panlipunang pagdistansya. Sa ilang mga kaso, maaaring kailanganin nilang kanselahin o baguhin ang mga pamamaraan at mga tipanan. Halimbawa, maaari kang maghintay sa labas ng klinika, tingnan ang iyong alaga mula sa kotse, o kahit magkaroon ng telemedicine na tipanan. Dapat kang magsuot ng pantakip sa mukha kapag nakikisalamuha sa kawani ng beterinaryo. Maraming mga hamon ang kinakaharap ng lahat ng mga medikal na propesyon. Tawagan nang maaga ang iyong beterinaryo at makipagtulungan sa kanila upang matukoy ang pinakamahusay na paraan upang maprotektahan ang kanilang kalusugan, ang iyong kalusugan, at kalusugan ng iyong alaga. Kung ikaw ay may sakit at ang iyong alagang hayop ay kailangang dalhin sa isang beterinaryo, sikaping magsaayos ng ibang tao para dalhin ang iyong alaga at abisuhan ang pasilidad bago dumating ang iyong alaga upang makapaghanda sila nang maayos.

May simpleng mga hakbang na maaari mong gawin para maprotektahan ang kalusugan ng iyong alagang hayop at pamilya mula sa karamihan ng mga sakit:

- Magtatag ng isang relasyon sa isang beterinaryo para sa iyong alagang hayop.
- Panatilihing napapanahon ang mga pagbabakuna ng iyong alagang hayop at gumamit ng pangkontrol para sa kuto at garapata.
- Hugasan ang iyong mga kamay pagkatapos na hawakan ang iyong alagang hayop, ang higaan at mga laruan nito, o mga lalagyan ng pagkain.
- Kung ikaw ay may sakit, panatilihin ang iyong distansya mula sa ibang mga tao at mga alagang hayop at hugasan ang iyong mga kamay nang madalas.
- Kung ang iyong alagang hayop ay may sakit, tumawag sa isang beterinaryo. Ilayo mo ito mula sa iba pang mga alagang hayop hanggang sa ito ay gumaling. Hugasan ang iyong mga kamay pagkatapos ng bawat pagkakataon na inaalagaan mo ito.